

MGA PAGLILINGKOD SA KALUSUGAN

Ang ilang mag-aaral ay madaling mahawaan ng mikrobiyo dahil sila ay may mahinang kakayahang lumaban sa sakit. Ang inyong tulong ay kailangan upang matiyak na ang mga batang may nakakahawa at malubhang sakit ay **hindi** dapat pumasok sa paaralan.

Huwag papasukin ang isang batang may mga sumusunod na sintomas sa paaralan:

- **Lagnat na 100.5°F o higit pa, kinuha sa bibig (o 101°F kapag kinuha sa tainga, puwit o o sintido) sa gabi bago pumasok o sa umaga ng pagpasok sa paaralan:** Tandaan na ang lagnat na kinuha sa tainga ay hindi nakakasigurong tama at dapat kunin sa ibang paraan kung ang temperatura ay napakataas. *Panatilihin ang bata sa bahay hanggang wala nang lagnat. Huwag bibigyan ng aspirin ang mga bata at mga kabataan na hindi isinasangguni muna sa manggagamot ang tamang pag-inom. Ang aspirin at mga gamot na may aspirin ay maaaring tumaas ang pagkakataong magkaroon ng Reye's Syndrome.*
- **Ubo at hirap sa paghinga** – Ang mga bata ay maaaring pumasok kung sila ay may sintomas ng sipon, ubo at uhog. Subali't, huwag papasukin ang inyong anak at, dalhin sa manggagamot kung ang bata ay nahihirapang huminga (nananakit ang dibdib sa paghinga) mabilis ang paghinga, nagkukulay asul ang balat, o may tunog ang paghinga sa unang pagkakataon. Kung ang inyong anak ay nakakitaan ng pertussis/whooping cough, ang inyong anak ay kailangang uminom ng antibiotics ng 5 araw bago pumasok sa paaralan. Kung ang inyong anak ay nakakitaan ng tuberkulosis, ang inyong anak ay maaari lamang bumalik pumasok hanggang sa nagamot. (Ang pagkakaroon ng positibong skin test ay hindi nangangahulugang ang inyong anak ay may tuberkulosis).
- **Butlig na hindi nasuri.** Kung may lagnat at nagbabago ang pag-uugali kasabay ng pagkakaroon ng butlig, patingnan ang mag-aaral sa manggagamot.
- **Bulutong Tubig** – panatilihin sa bahay hanggang ang mga bulutong ay natuyo at walang sinyales ng sakit.
- **Pagtatae** – panatilihin sa bahay kapag ang pagdumi ay hindi kasya sa saplot ng mga mag-aaral na gumagamit ng saplot. Panatilihin sa bahay ang mga mag-aaral na nagsusuot ng saplot, kapag ang mag-aaral ay natae sa kanilang saplot bago makarating sa banyo. Huwag papasukin at dalhin sa manggagamot kapag may dugo o uhog sa tae, kung ang tae ay maitim at walang kulay, o kung ang tae ay kasama ng: hindi pag-ihing ng 8 oras, nangangasul na balat, o ang bata sa tingin/kumikilos na mukhang may sakit.
- **Pagsuka** ng higit sa isang araw o kung ang pagsuka ay kasama ang lagnat. Dalhin sa manggagamot kapag may dugo o berdeng uhog ang suka, hindi umihi sa loob ng 8 oras, nauntog ang ulo, o ang bata sa tingin/kumikilos na mukhang may sakit.
- **Impetigo** – Kapag nasimulan ng inyong anak ang antibayotik, maaari nang bumalik ang inyong anak sa paaralan **sa susunod na araw.**
- **Buni** (nakakahawang sakit sa balat). Panatilihin ang bata sa bahay hanggang nasimulan ang pangagamot, kung nasa labas. Ang buni sa katawan ay maaaring magamot ng kremang inilalapat sa tuwirang bahaging may buni at takpan ng benda. Ang buni sa ulo ay nangangailangan ng pag-inom ng gamot, subali't ang bata ay maaaring bumalik sa paaralan kung tatakpan ang nalapatan ng gamot.
- **Matinding sipon** – Ang bata ay maaaring pumasok, maliban kung nagkaroon ng mga sugat sa bibig at namimitak na labi at kung ang bata ay patuloy ang pagtulo ng uhog sa ilong.
- **Kombulsiyon** – Huwag papasukin ang inyong anak kung ang bata ay binigyan ng pangagamot sa emergency seizure sa loob ng **9 hours** sa simula ng pagpasok.

Antibayotik

Ang mga batang binigyan ng antibayotik ng dahil sa mga nabanggit na sakit sa itaas ay dapat na nasa kanila ng halos 24 oras (mas matagal sa may Pertusis/Whooping Cough) bago bumalik sa paaralan, upang maiwasan ang ang pagkalat ng sakit.

Kung sa anumang pagkakataon na hindi ninyo tiyak kung ang isang sakit ay nakakahawa, tawagan ang manggagamot ng inyong anak. Kung mayroon kayong karagdagang katanungan, tawagan ang paaralan upang makipag-usap sa paaralang nars.

Salamat sa inyong patuloy na pagsuporta sa mga pamilya ng ating bayang paaralan.